Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
SCHOOLS DIVISION OFFICE
CITY OF MUNTINLUPA

DepEd Muntinlupa Advisory No 010, s. 2017
January 9, 2017
In compliance with DepEd Order No. 8 s. 2013
this advisory is issued for the information of DepEd officials, personnel/staff as well as the concerned public.

DepEd - MUNTINLUPA
RELEASED
DATE 1/12/17

Kalakip nito ang DepEd Advisory Blg. 364, s. 2016 na may petsang Disyembre 29, 2016 na may paksang: **PAMBANSANG SEMINAR SA PAGSULAT NG KORESPONDENSIYA OPISYAL, ORTOGRAPIYANG PAMBANSA, AT MANWAL SA MASINOP NA PAGSULAT NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO,** para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption of classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9 s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

MAURO C. DE GULAN, Ed.D
Pansangay na Tagapamanihala

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED
DATE 1/3/17
TIME
CITY OF MUNTINLUPA

DepEd Advisory No. 364, s. 2016
December 29, 2016
In compliance with DepEd Order No. 8, 2013
this Advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG SEMINAR SA PAGSULAT NG KORESPONDENSIYA OPISYAL, ORTOGRAPIYANG PAMBANSA, AT MANWAL SA MASINOP NA PAGSULAT NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng *Pambansang Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal, Ortograpiyang Pambansa, at Manwal sa Masinop na Pagsulat* mula Enero hanggang Disyembre 2017. Ito ay naaayon sa Batas Republika Blg. 7104 na nagtatakda na magsagawa, mag-ugnay at magtaguyod ng mga pananaliksik at pag-aaral sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at iba pang mga wika ng kapuluan.

Ang layunin ng Seminar na buklurin ang mga ahensiya ng pamahalaan upang tupdin ang tadhana ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 na pormal na nag-aatas sa lahat ng kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, at instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na transaksiyon, komunikasyon, at korespondensiya.

Ang lahat ng kinauukulang kawani ng gobyerno ay hinihikayat na dumalo sa nasabing pagsasanay. Ang pagdalo ng mga kinatawan sa opisyal na oras ay nasa pagpapasiya ng tagapangulo ng ahensiya, alinsunod sa *Komisyon sa Serbisyo Sibil Memorandum Circular Blg. 43, s. 1993.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina:

- Bb. Lourdes Z. Hinampas
- Bb. Pinky Jane S. Tenmatay
- Bb. Miriam P. Cabila

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
San Miguel, Maynila 1005
Telepono: (02) 708-6972
Mobile Phone: 0929-876-5856; 0927-988-6472; 0942-989-2458
Email: jinghinampas@gmail.com

mvec/Seminar sa Pagsulat ng Korespondensiya Opisyal ng KWF
0951–Disyembre 23, 2016